

令和3年(2021年)4月



燃えるごみ

毎週 ・ 曜日

資源ごみ・燃えないごみ・有害ごみ

毎週 曜日

みかもクリーンセンター ☎23-8153
☎22-2654

葛生清掃センター ☎86-4351

Recycling society at Ang 3R ①

Paglalatagay sa ayos ng basura ②

Paraan ng pagtapon at Basurang bawal itapon ③

Burnable Waste ④

Paper Boxes, Magazines, Books, Flyers ⑤

Newspapers at Mga Kahon ⑥

Paper packs at Mga Damit ⑦

White Food Trays at Plastic bottles ⑧

Empty Cans ⑨

Empty Bottles ⑩

Non-burnable Waste at Toxic Waste ⑪・⑫

Over-sized Waste ⑬・⑭

Home Appliances ⑮

PC for Home Use Extinguishers for Home Use ⑯

Subsidy System ⑰

FAQ ⑱

Dictionary ⑲~⑳

Facility Guide Map ㉑

Ang Recycling Society at 3R

Tayo po ay may problemang kinahaharap ngayon tungkol sa ating kapaligiran. Mga problemang tulad ng polusyon, pagkasira ng kalikasan, at kakulangan ng dump site na resulta ng hindi tamang pagtapon ng basura at maramihang produksyon at konsumo.

Para po ma-solusyonan ang mga problemang ito, tayo po ay gagawa ng aksyon upang maging environment friendly ang ating lungsod. Tinatawag po itong “Recycling Society”

Para po maging Recycling Society, kailangan po nating gamitin ng maayos ang ating mga resources at bawasan ang mga basura sa pamamagitan ng recycling at reusing.

Kailangan po nating gawin ito para sa kinabukasan ng mga susunod pang henerasyon. Hindi po natin magagawa ang layuning ito kung hindi po tayo magtutulungan.

Upang maging recycling society, hinihikayat ko po kayo na gawin po natin ang 3R.

Ano po ba ang 3R?

Reduce. Bawasan po natin ang basura

Nakapamilya na po ba kayo ng sobra-sobra o nakapag-aksaya ng pagkain? Isipin po natin kung paano po natin mababawasan ang basura.

- Kung tayo po ay pupunta sa supermarket para maggrocery, magdala o gumamit po tayo ng sarili nating shopping bag o eco bag at iwasan po nating humingi o bumili ng plastic bag sa cashier.
- Bumili lang po tayo ng sapat sa ating konsumo para hindi po ito masayang.
- Kung maaari po ay piliin po natin ang mga produktong na pack o nabalot ng simple.
- Kung maaari po ay iwasang gumamit ng mga disposables.
- Bago po bumili, isipin po natin kung kailangan po ba natin ito o hindi.

Reuse. Gamitin po ulit natin kung pwede pa namang magamit ito.

Nakapagtapon ka na po ba ng mga bagay tulad ng furniture at mga damit na pwede pa namang magamit?

- Maaari po nating ibenta ang mga ito sa mga recycle shop o sa flea market.
- Pwede rin naman po tayong bumili sa mga recycle shop o sa flea market.
- Maaari po nating i-remake ang ating mga lumang damit para magamit pa ulit.
- Gumamit po tayo ng mga refillable na produkto.

Recycle. I-recycle at i-grupo po natin ang mga basura.

Hindi po natin maiiwasan ang pagdami ng basura. Kaya naman kailangan po nating gawin ang pangatlong R sa 3R, ang pag recycle.

- Maaari po nating gawing compost at maging pataba sa lupa ang mga tuyong dahon, sanga, at mga tirang pagkain.
- Alamin at i-grupo po natin ang ating mga basura kung ito po ba ay pwedeng i-recycle o hindi.
- Subukan po nating bumili at gumamit ng mga recycled product.

Ang Paglalagay sa Aayos ng Ating mga Basura

1 . Mga Basurang Galing sa Ating Bahay

Uri ng basura		Paraan ng pagtapon	Gaano kadalas ang pagkolekta	Notes
① Burnable Waste		Gumamit po ng transparent o semi-transparent na plastik ng basura. Ito ay nabibili sa supermarket. (size:45L)	Dalawang beses sa isang linggo (twice a week)	
	② Paper Boxes, Magazines, Books, Flyers at iba pang klase ng papel	Itali po ng pakrus gamit ang plastic string o ilagay sa paper bag at isara ito	Kada ikalawang linggo (Every 2 weeks)	Ang mga maliliit na papel ay ilagay po sa paper bag
	③ Newspapers at mga flyers na kasama sa newspaper	Itali po ng pakrus gamit ang plastic string	Kada ika-apat na linggo (Every 4 weeks)	Kung umuulan, ilagay po sa plastik ng basura
	④ Kahon	Itali po ng pakrus gamit ang plastic string	Kada ika-apat na linggo (Every 4 weeks)	Kung umuulan, ilagay po sa plastik ng basura
	⑤ Paper Packs (white inside)	Itali po ng pakrus gamit ang plastic string	Kada ika-apat na linggo (Every 4 weeks)	Kung umuulan, ilagay po sa plastik ng basura
	⑥ Mga Damit	Tamang plastik ng basura size: Small, Medium, Large	Kada ikalawang linggo (Every 2 weeks)	Kung umuulan, huwag pong dalhin sa garbage station
	⑦ White Food Trays	Tamang plastik ng basura size: Small, Medium, Large	Kada ika-apat na linggo (Every 4 weeks)	
	⑧ Plastic Bottles	Tamang plastik ng basura size: Small, Medium, Large	Kada ikalawang linggo (Every 2 weeks)	
	⑨ Empty Cans	Tamang plastik ng basura size: Small, Medium, Large	Kada ika-apat na linggo (Every 4 weeks)	
	⑩ Empty Bottles	Tamang plastik ng basura size: Small o Medium	Kada ika-apat na linggo (Every 4 weeks)	
	⑪ Non-burnable Waste	Tamang plastik ng basura size: Small o Medium	Kada ika-apat na linggo (Every 4 weeks)	
⑫ Toxic Waste		Tamang plastik ng basura size: Small o Medium	Kada- ika-apat na linggo (Every 4 weeks)	
⑬ Over-sized Waste		Dalhin po sa City Clean Center o makipag-ugnayan sa City Information Desk. Clean Center: Sano Area - Mikamo Clean Center. Tanuma at Kuzu Area - Kuzu Clean Center		

2 . Basurang Galing sa Negosyo o Business (kompanya, opisina, agrikultura, forestry, shops , restaurant atbp.)

Ang mga basurang galing po sa business ay hindi pwedeng kolektahin sa mga Garbage station.

- Kailangan po ng lisensyadong taga kolekta ng mga basura(licensed waste collector) para maitapon po ang mga ito.
- Ang industrial waste naman po na tulad ng plastik, scrap metal, at glass ay hindi po pwedeng kolektahin sa mga clean center(Mikamo Clean center o Kuzu Clean center) . Kailangan po ng lisensyadong industrial waste collector para dito.
- Ang mga basurang galing sa business pero hindi kabilang sa grupong industrial waste tulad ng papel, kahoy, atbp. ay kailangan dalhin sa clean center o sa isang lisensyadong general waste collector.

Ang Paraan ng Pagtapon ng Basura

1. Itapon sa Garbage Station (Gomi station).

- Dalhin po ang inyong mga basura sa garbage station ng 8:00 ng umaga sa araw ng koleksyon nito.
- Huwag pong itapon ang inyong basura sa gabi o sa mga araw na hindi naman dapat po itong itapon.
- Kailangan pong mai-grupo ng maayos ang ating mga basura at sundin po ang mga rules o paraan sa pagtapon. Hindi po kukunin ang inyong basura kapag hindi po nasunod ang rules at hindi maayos na naitapon.

※Mga halimbawa ng hindi pagsunod sa tamang paraan ng pagtapon ng basura:

- Hindi tamang pag-grupo ng mga basura (halimbawa, ang plastik ng basura na para lamang sa mga burnable waste(moeru gomi) ay may kasamang mga boteng walang laman.
- Sobrang dami ng basurang itinapon (halimbawa, 3 plastik ng basura ang itinapon sa araw ng koleksyon)
- Maling araw o maling lugar(halimbawa, hindi po kukunin ang inyong basura kapag kayo po ay nagtapon ng mga lata na hindi naman dapat sa araw ng koleksyon nito)
- Maling plastik ng basura. (halimbawa, hindi po kukunin ang mga boteng nilagay sa plastik ng basura na L ang size.
- Mga boteng hindi nahugasan o may laman.
- Mga boteng may takip.
- Mga basurang galing sa business.
- Malalaking basura (halimbawa, ang mga bisekleta o furniture ay hindi po pwedeng itapon sa garbage station.)
- Mga basurang mahirap i-process (Hindi po kayang i-process ng city ang mga basurang ito. Nasa ibaba po ang listahan kung anong basura ito.)

2. Itapon sa City Clean Center

Kailangan pong mag sign -up para po makakuha ng permit sa Mikamo Clean Center o sa Kuzu Clean Center.

Ang mga residente sa **Sano area** ay kailangang pumunta sa **Mikamo Clean Center**. Ang mga residente naman po sa **Tanuma at Kuzu** ay sa **Kuzu Clean Center**. I-grupo ng maayos ang mga basura (Tignan po nating ang page 13 para sa Over-sized waste)

収集できません!!
ルールを守って、出し直して下さい。

☐ 分別が不十分です

☐ 多量排出 (袋) です ※2袋まで
☐ 出す日 ・ 場所 が違います
☐ 袋が漏れます
・ (透明または半透明の袋を使用して下さい)
・ (レジ袋は使えません)
・ (中身は小の指定袋を使用して下さい)
☐ 中身が洗ってありません
☐ キーパが付いたままです
☐ その他

ごみステーションに出せません。

☐ 事業系ごみです
☐ 植木ごみです
☐ 処理困難物です

佐野市 みかもクリーンセンター ☎22-2654
月 () 担当者 ()

Ang nilalagay kung hindi sumunod sa tamang pagtapon ng basura

Mga Basurang Bawal Itapon

- A. Asbestos, bato, water heater.
- B. Home appliances (TV, aircon, refrigerator, freezer, washing machine, laundry dryer) Japan-style roof, gas tank, fiber glass, kahoy (mahigit 10cm width at 50cm height), construction waste, concrete, concrete block.
- C. Mga basurang galing sa business, car, car parts, fire extinguisher, ash, stainless sink, sand, gypsum board, solar panel.
- D. Fireproof safe box, tires, heat insulating material, medical waste tulad ng injection, pickles stone, soil, sink, toilet bowl, drum can
- E. Agricultural tools and chemicals.
- F. Used oil, bike, bike parts, explosives, computer, flammable material, battery, piano liquid paint, boiler, bowling ball, pump
- G. Mattress (may coil spring), sewing machine (industrial), motor etc.

※Tanungin po sa retailer, appliance store o sa City Clean Center kung paano po itapon ang mga ito



① Burnable Waste (Moeru gomi)

Gumamit po ng transparent o semi-transparent plastik ng basura na nabibili po sa mga supermarket na may size na 45 L.

Ang mga plastik bag na ginamit sa pamimili, shopping plastic bag, o packing bag ay hindi po pwedeng gamitin bilang basurahan.

Ang mga plastik at kahoy ay pwedeng isama sa burnable waste kapag nasa tamang sukat.

- Ang plastik na may sukat na 10cm x 30cm x 50cm
- Ang kahoy na may habang 30cm x 50cm at may kapal na 3cm kung sa Sano, 10cm naman kung sa Tanuma at Kuzu
- Ang **limit** ng dami ng basurang pwedeng itapon ng bawat pamilya ay **dalawang (2) plastik ng basura sa bawat koleksyon ng basura**.
- Ang mga natuyong dahon, damo o tanim ay may limit din po na dalawang (2) plastik ng basura sa bawat koleksyon.
- Ang mga papel, maging ang mga maliliit at na-shred na papel po ay i-recycle po natin.

Basurang nabubulok (tulad ng tirang pagkain, balat ng prutas, at gulay)

※i-drain po para matanggal ang tubig.



※Pwede rin namang gumamit ng home garbage disposal equipment

Mga Damit(maruming damit at underwear)




Leather,goma (sapatos,bag,eraser atbp.)

※Alisin po ang mga malalaking metal.




Kahoy (Sa Sano may kapal (thickness) na 3cm
Sa Tanuma at Kuzu ay may kapal na 10cm pababa)

※itali at ilagay po sa plastik ng basura)




Disposable diaper at sanitary napkin

※paki-flush po ang dumi sa toilet




Styrofoam

※pira-pirasuhin para lumiit



Mga plastik . Wood products

(ketchup,shampoo, video tape, cassette tape, CD,DVD,atbp.)



At Iba pa


*aluminum foil,ice pack, disposable body warmer)



②Paper boxes, Magazines, Books, Flyers at iba pang klase ng papel

Pagsama-samahin at itali po ng pakrus gamit ang nylon o plastic na tali. O kaya naman ilagay po sa paper bag bago itapon. (Hindi po pwede ang paper bag na may coating.)

- Ang pwede niyo lang pong itapon sa garbage station (gomi station) sa bawat koleksyon nito ay iyong kayang buhatin ng dalawang kamay.
- Tanggalin po natin ang mga nakalagay sa mga papel tulad ng staple wire, plastic, scotch tape, at packing tape.
- Sa pagtali ng mga ito, ilagay po ang mga maliliit na papel sa envelope o paper bag (hindi po pwede ang paper bag na may coating) o kaya naman po ay isingit sa mga magazine.
- Kung gagamit po ng paper bag, itali po ito o kaya naman po ay gumamit ng stapler para isara ito upang hindi po ito kumalat.
- Ilagay po sa paper bag o envelope ang mga maliit na papel o mga papel na galing sa paper shredder para hindi po ito kumalat.
- Kung umuulan sa araw ng pagtapon nito, ilagay po sa plastik ng basura (size S, M, L) para hindi po ito mabasa.



© Ang mga sumusunod ay hindi po pwedeng i-recycle kaya naman po ito ay kabilang sa burnable waste (moeru gomi)

Oiled paper, carbon paper, thermal paper (fax), silver paper, rice bag, pictures, vinyl-coated paper, waterproof paper, wax processed paper (paper cups at plates), special coated paper

③ Mga Newspapers at mga Flyers na kasama sa newspaper

Pagsama-samahin at itali po ng pakrus gamit ang nylon o plastic na tali.

- Ang pwede niyo lang pong itapon sa garbage station(gomi station)sa bawat koleksyon nito ay iyong kayang buhatin ng dalawang kamay.
- Huwag po tayong maglagay ng ibang flyers maliban sa mga nakasama sa loob ng newspaper.
- Kung umuulan sa araw ng pagtapon nito, ilagay po sa plastik ng basura (size S, M, L) para hindi po ito mabasa.




Kung gagamit po ng bag na para sa newspaper, maari lamang po na lagyan ng isang hiwa sa gilid

④Mga Kahon

Pagsama-samahin at itali po ng pakrus gamit ang nylon o plastic na tali.


- Ang pwede niyo lang pong itapon sa garbage station(gomi station)sa bawat koleksyon nito ay iyong kayang buhatin ng dalawang kamay.
- Alisin po natin ang mga nakalagay sa kahon tulad ng plastic, scotch tape, packing tape at staple wire
- Kung umuulan sa araw ng pagtapon nito, ilagay po sa plastik ng basura (size S, M, L) para hindi po ito mabasa.



⑤ Mga Paper Packs

Pagsama-samahin at itali po ng pakrus gamit ang nylon o plastic na tali.

- Ang pwede niyo lang pong itapon sa garbage station(gomi station)sa bawat koleksyon nito ay iyong kayang buhatin ng dalawang kamay.
- Ang mga kabilang sa grupong ito ay paper pack ng gatas, juice at iba pang inumin na **kulay puti** lang ang loob ng pack.
- Alisin po kung may plastic spout sa paper pack.
- Itapon po ang laman, hugasan, buksan at patuyuin bago po ito itapon.
- Kung umuulan sa araw ng pagtapon nito, ilagay po sa plastik ng basura (size S, M, L) para hindi po ito mabasa.



©Ang mga sumusunod ay hindi po kabilang sa grupong paper pack kaya naman po ito ay kabilang sa burnable waste(moeru gomi)

Ang loob ng paper pack ay aluminum o kaya naman ibang kulay ang loob ng paper pack.

⑥ Mga Damit

Gumamit po ng plastik ng basura (size S M L).

- Ang limit po sa bawat araw ng pagtapon nito sa garbage station ay dalawang (2) bag lang sa isang pamilya.
- Hindi na po kailangan pang tanggalin ang mga butones at fastener sa mga damit.
- Huwag pong itapon kung umuulan. Itapon na lang po ulit sa susunod na araw ng koleksyon nito.



Huwag pong isama ang mga sumusunod:

Towel, bath towel, socks, underwear, maduduming damit, made with feather, cotton at leather



⑦ White Food Trays


Gumamit po ng plastik ng basura (size S M L).

- Ang limit po sa bawat araw ng pagtapon nito sa garbage station ay dalawang (2) bag lang sa isang pamilya.
- Ang mga kabilang sa grupong ito ay food tray ng isda, sashimi at pagkain. Pero dapat **puti** lang po ang kulay ng food tray,
- Hugasan , tanggalin ang mantika, at patuyuin po muna bago po ito itapon

Hugasan at tanggalin
ang oil.



Patuyuin.



Ilagay sa plastik ng basura (size S M L)



©Ang mga sumusunod ay hindi po kabilang sa grupong white food tray kaya naman po ito ay kabilang sa burnable waste(moeru gomi)

Oiled food tray, burnt food tray, may ibang kulay, may mga design , may partition, cup noodle at natto.

⑧ Plastic bottles

Gumamit po ng plastik ng basura (size S M L).

- Ang limit po sa bawat araw ng pagtapon nito sa garbage station ay dalawang (2) bag lang sa isang pamilya.
- Ang kabilang sa grupong ito ay mga plastic bottle ng mga inumin(coffee, juice at soda,etc)\ alcohol (sake, shochu, mirin etc) mga pangseasoning(soy sauce etc). At may markang  PET lamang po.
- Tanggalin po natin ang cap, takip at film. Kung hindi po pwedeng tanggalin, OK lang po.
- Itapon po ang laman at hugasan po ito.
- Huwag po nating pitipitin.

Tanggalin po ang
takip at film



Hugasan.



Patuyuin.



Ilagay sa plastik
ng basura



May ganitong
mark lang po



©Ang mga sumusunod ay hindi po kabilang sa grupong plastic bottle kaya naman po ito ay kabilang sa burnable waste(moeru gomi)

Oiled plastic bottle, maduduming plastic bottle, nagupit na plastic bottle, ginamit bilang craft, water server for PET bottle, at may mga kulay na plastic bottle.

⑨ Empty Cans

Gumamit po ng plastik ng basura. (size S M L).

- Ang limit po sa bawat araw ng pagtapon nito sa garbage station ay dalawang (2) bag lang sa isang pamilya.
- Ang mga kabilang sa grupong ito ay lata ng kendi, delata, lata ng alak tulad ng sake o beer, mga inumin tulad ng cola, at juice, lata ng tea, gatas, at pet food. (ang lata ng mantika ay maaari ring isama)
- Tanggalin po ang plastic lid at ang leveling para sa spoon
- Itapon po ang laman at hugasan.
- Huwag po nating pitpitin .
- Hindi na po kailangan pang paghiwalayin ang latang aluminum at steel.
- Tanggalin po ang takip. Ang **takip** po ay nabibilang sa **non-burnable waste**. Huwag po nating isama ang takip dito.
- Tanggalin din po ang takip ng mga easy open can tulad ng sa mga delata. Ang takip po ay itapon bilang non-burnable waste(moenai gomi).



Itapon po ang laman.

Hugasan.

Patuyuin,

Ilagay po sa plastik ng basura

Paano itapon ang mga easy open cans

Hugasan at patuyuin


Tanggalin ang takip



⑩ Empty Bottles

Gumamit po ng plastik ng basura. Ang size ay S o M lang po.

- Ang limit po sa bawat araw ng pagtapon nito sa garbage station ay dalawang (2) bag lang sa isang pamilya.
- Ang kabilang po sa grupong ito ay bote ng instant coffee, pang-seasoning, bote ng alak (sake, Japanese wine at mga imported wines, etc), bote ng jam, bote ng mga inumin (cola o juice, etc.) bote ng mga pangseasoning, bote ng gamot (gamot na iniinom), energy drink, ang bote ng mantika ay pwede ring isama.
- Tanggalin po natin ang takip, caps o cover ng mga bote.
- Itapon po ang laman at hugasan po ito.
- Kung maaari po ay ibalik po ang mga 1.8 L sake bottle, bote ng beer, etc sa mga liquor stores.



Tanggalin po ang takip

Hugasan.

Patuyuin.

Ilagay po sa plastik ng basura. Ang size ay S o M lang po.



⑪ Non-burnable Waste (Moenai Gomi)

Gumamit po ng plastik ng basura. Ang size ay S o M lang po.

- Ang limit po sa bawat araw ng pagtapon nito sa garbage station ay dalawang (2) bag lang sa isang pamilya.
- Ang kabilang sa grupong ito ay metal, glass, elektrikal, mga produktong kahoy at mga plastik na hindi maaaring sunugin bilang basura
- Payong, walis, baston o walking stick, long handled cleaning tools at bat na may habang 1m pababa ay ilagay sa size M na plastic bag at itali kahit hindi ito magkasya.
- Ang mga basurang hindi magkasya sa size M na garbage bag ay kabilang sa grupong Over-sized waste.
- Household vacuum cleaner at electric fan (na may taas na 75cm pababa) ay ilagay sa size M na plastic bag at itali kahit hindi ito magkasya.

**©Ang mga sumusunod ay hindi po kabilang sa grupong non- burnable waste(moenai gomi)
Dalhin po ang mga ito sa City Clean Center**

Upuan, stereo, desktop word processor, gas range, portable gas stove, fan heater, child seat, stroller, at ang mga hindi kasya sa size M na plastik ng basura.

Mga metal



payong

kaserola

palayok

kutsara at tinidor



pintura



metal na takip



rusty can



wire, nails



Kutsilyo,
sickle

Ilagay po sa latang may takip at lagyan ng label.
Halimbawa くぎ(nails)

Balutin po ng tela o papel

Glass/ mga babasagin • Pottery products



vase



baso at wine glass



mga nabasag



paso



beauty product



agricultural chemicals



bowl



Nabasag
na glass

Balutin po ng papel ang mga nabasag na glass para hindi mabutasan ang plastik ng basura. Lagyan po ng label.
Halimbawa われたガラス (nabasag na glass)

Electrical appliances



Ilagay sa size M na plastik ng basura at itali kahit hindi ito magkasya.

electric fan(may taas na 75 cm o mas mababa



plantsa



blower



toaster



electric shaver



vacuum cleaner

Ilagay sa size M na plastik ng basura at itali kahit hindi ito magkasya.

Mga plastik at kahoy


Mahigit sa 10cm x 30cm x50 cm



planter/ paso



basurahan



book stand

Ang mga hindi po magkasya sa gomi bag na size M ay kabilang sa grupong over-sized waste(malalaking basura)

12 Toxic Wastes

Gumamit po ng plastik ng basura. Ang size ay S o M lang po.

- Ang limit po sa bawat araw ng pagtapon nito sa gomi station ay dalawang (2) bag lang sa isang pamilya.
- Ang kabilang sa grupong ito ay mga fluorescent,light bulb, spray can, mobile battery, electronic device na may battery,(smartphone,electronic cigarettes, etc.) battery, button type na battery , rechargeable battery, mercury thermometer,lighter,etc.
- Kung hindi man po kasya ang fluorescent lamp sa size M na garbage bag, huwag po itong basagin. Ilagay lang po sa plastik ng basura at itali ito.
- Maari rin pong ilagay ang fluorescent lamp sa paper box nito at ilagay sa size M na plastik ng basura.
- Ang mga spray can ay kailangan pong ubusin ang laman nito. Huwag po itong butasan.
- Siguraduhin po nating ubusin ang laman o tanggalin ang laman ng lighter.



Fluorescent



lighter



Mercury thermometer



spray can

※ Ubusin po ang laman. Huwag po itong butasan.



electronic cigarettes



battery



mobile battery



smartphone

⑬ Over-sized Waste o Malalaking basura

1. Dalhin po sa City Clean Center.

Pumunta po sa Mikamo Clean Center o sa Kuzu Clean Center at kumuha ng garbage delivery notification (gomihannyutodokedeshou). Ang mga nakatira po sa Sano area ay maaaring pumunta sa Mikamo Clean Center. Ang mga nakatira naman po sa Tanuma at Kuzu ay maaaring pumunta sa Kuzu Clean Center. (May bayad po ang pagtapon ng basura.)

Pagkuha ng garbage delivery notification	Lunes ~ Sabado	8:30 ng umaga ~ 5:15 ng hapon
--	----------------	-------------------------------

Araw ng pagtapon ng basura	Lunes ~ Sabado	9:00 ~ 11:50 ng umaga 1:00 ~ 4:30 ng hapon
----------------------------	----------------	---

Patungkol sa mga holiday na pwedeng magtapon. Maari lamang po na tignan sa Garbage Calendar (Gomi Calendar), city home page, o garbage segregation application/app 「さんあーる」

Bayad ng pagtapon	220yen kada 10 kilo. (with tax)
-------------------	---------------------------------

2. Paghingi ng request sa pagkuha ng over-sized na basura.

Mag apply po sa Citizen Section o Administration Center o Mikamo Clean Center o Kuzu Clean Center para sa pagkuha ng over-sized na basura sa inyong bahay. Magbabayad po in advance para sa request na kunin ang mga over-sized na basura. Subalit ang mga over-sized na basura mula sa general cleaning o paglilipat ng bahay na sobrang dami ang hindi kukunin. Maari lamang pong ilabas at ilagay sa harap ng bahay ang mga basura.

Application	Citizen Section, Administration Center
	Lunes ~ Biyernes 8:30 ng umaga ~ 5:15 ng hapon

	Mikamo Clean Center, Kuzu Clean Center
	Lunes~ Sabado 8:30 ng umaga ~ 5:15 ng hapon

Araw ng Pagkolekta	Sano Area : tuwing Huwebes 1:00~ 4:00 ng hapon
	Tanuma at Kuzu Area : tuwing Sabado 1:00~ 4:00 ng hapon

※Kailangan pong makapagrequest na po hanggang Martes

Fee	Ito po ang halaga ng transportasyon at pagtatapon ng basura mula sa inyong bahay
-----	--

Under 40 kilos bawat isa	1,650 円 (kasama ang tax)
Over 40 kilos bawat isa	3,300 円 (kasama ang tax)


3. Paghingi ng request sa general waste collector (see back page) May bayad po ito.

※Hindi po pwedeng itapon sa garbage station ang mga Over-sized waste.


※ Kahit po i-disassemble o pira-pirasuhin ang mga over-sized waste, hindi pa rin po pwedeng itapon sa gomi station.

※Ang mga basurang hindi kasya sa **size M** na garbage bag ay kabilang po sa grupong over-sized waste. Hindi kasali ang payong, walis, baston o walking stick, long handled cleaning tools at bat na may habang 1m pababa, household vacuum cleaner at electric fan (na may taas na 75cm pababa), at fluorescent.


Mga metal at iba pang malalaking gamit




golf club



rice keeper



kerosene heater



ski at snowboard



bisekleta



portable gas stove



gas range



upuan



child seat



swing



stroller

※Tanggalin po ang lamang kerosene at battery.

Furniture



sofa

※wala pong
spring



chair



desk



chest

Bedding • rugs



bedding, blanket/kumot



carpet



tatami

Electrical Appliances



stereo



microwave



sewing machine



cushion

Ang Pag-recycle ng Air conditioner, TV, Refrigerator, Freezer, Washing machine at Clothes dryer

Ang mga nabanggit po ay nirerecycle ng mga manufacturer. Ito ay naaayon sa batas na Home Appliance Recycling law . Hindi po ito pwedeng itapon sa g station. Narito po ang paraan kung paano po ito i-recycle:

1. Maaaring magrequest sa mga retail store

Mayroon pong recycling fee (table 1). Ang collection at transportation fee ay depende sa store.

2. Kailangan pong bayaran sa post office ang recycling fee bago po dalhin sa designated place o sa itinalagang lugar.

① Bayaran po ang recycling fee sa post office bago po dalhin sa itinalagang lugar.

Alamin po muna ang mga sumusunod bago pumunta sa post office. Manufacturer's name, TV size, size ng freezer at refrigerator. At tsaka bayaran ang recycling fee. (maaring magbayad sa counter o sa ATM) Pagkabayad, makakatanggap po kayo ng Home Appliance Recycling Ticket(Kaden Recycle Ken)

① Kung dadalhin sa Designated place o itinalagang lugar

Pinakamalapit na lugar Kabushikigaishakyoudourikuun Tochigi shi Iwafune cho Shizuwa474-4
TEL 0282 -28-6320

② Kung magre-request sa City Designated place

Dalhin po sa Mikamo Clean Center, Kuzu Clean Center. Nakalagay po sa table 2 kung magkano po ang transportation fee.

③ Kung magre-request sa City para kolektahin at i-transport magmula sa bahay hanggang sa itinalagang lugar.

Kailangan pong mag-request sa Mikamo Clean Center o sa Kuzu Clean Center o sa Citizen Section o sa Administration Center. May bayad po ang pagkolekta at pag transport. Maari lamang pong ilabas at ilagay sa harap ng bahay ang mga basura.

Table 1 Recycling fee (kasama ang tax)

Appliances		Fee / bawat isa
Aircon		990 円
CRT, Liquid crystal, plasma TV,	15 inches or less	1,870 円
	16 inches or more	2,970 円
Freezer, refrigerator	170 liters or less	3,740 円
	171 liters or more	4,730 円
Washing machine, clothes dryer		2,530 円

※Transfer fee (Furikomi) (post office counter 203 円/ ATM 152円)

※Ang recycling fee ay nakadepende rin po sa manufacturer nito.

Table 2 Collecting and Transportation fee kung magrequest sa city

Request pattern	Fee /bawat isa
Kung dadalhin sa City Designated place ②	1,100 円
Kung magrequest sa city para kolektahin at i-transport ③	2,200 円

3. Kung may tanong po tungkol sa pag-recycle ng mga home appliances, maari pong tumawag dito:

Home Appliance Recycling Ticket Center

TEL: 0120-319640

Oras: 9:00 ng umaga ~ 6:00 ng hapon (Wala pong pasok pag Linggo at Holiday)

FAX: 03-3903-7551

Ang Pag-recycle ng Personal Computer for Home Use

Ang mga personal computers na hindi na gumagana ay kinokolekta po ng mga PC makers. Hindi po ito pwedeng itapon sa garbage station. Narito po ang paraan ng pagrecycle ng mga ito:

1. Ang mga sumusunod ay maaaring i-recycle (Pwede rin pong isama ang hindi na gumagana at lumang personal computer)

- Desktop type personal computer, notebook type personal computer
- Display 「liquid crystal(LCD), cathode ray tube (CRT)」
- Display 「liquid crystal(LCD), cathode ray tube (CRT)」 integrated PC

※Ang mga standard items tulad ng mouse, keyboard, speaker, cable etc. ay maari rin pong isama.

2. Recycle fee

Items	Fee /bawat isa
● Desktop type PC ● Notebook type PC ● Liquid crystal display (LCD) ● LCD integrated PC	4,400円
● Cathode ray tube (CRT) display ● CRT display integrated PC	5,500円



Ang PC na may ganitong mark ay libre po ang recycling fee.

※Ang recycling fee ay maaaring mag-iba depende sa maker/manufacturer nito.

※Ang mga PC na walang maker na magkokolekta(self-assembled PC, bankrupt PC maker) ay kokolektahin at i-rerecycle ng PC 3R Promotion Association.

☆Para sa mga katanungan maaring tumawag dito ☆

PC 3R Promotion Association

☎03-5282-7685

PC 3 R

検索

Ang Pag-recycle ng Fire Extinguishers for Home Use

Ang mga fire extinguishers na hindi na magamit ay kinokolekta at nirerecycle ng Japan Fire Extinguishers Manufacturer's Association. Hindi po ito kinokolekta ng city. Narito po ang paraan ng pag-recycle nito.

※Ang mga fire extinguishers na binili magmula 平成22年1月 (starting January 2010) ay nakasama na ang recycling fee. Kung ang mga fire extinguishers ay nabili before 2010 kailangan pong bumili ng fire extinguisher recycle seal para marecycle po ito.

1. Dalhin po ito sa Specific Counter (fire extinguisher shop)

2. Kung magrerequest sa specific counter

⇒※Narito po ang specific counter ng city

Ochiai Shoboushoukai Sano shi Asanuma cho525-1 ☎22-2119

3. Kung magrerequest sa Japan Post

⇒Tumawag po sa call center ng Japan Post. Ibigay ang fire extinguisher sa Japan Post staff.



☆Para sa mga katanungan maaaring tumawag dito ☆

Shoukaki Recycle shuishin center

☎03-5829-6773

消火器リサイクル

検索

Yuu Pack Senyou Center (Japan Post)

☎0120-822-306 (フリーダイヤル)

Ang Subsidy System

Upang maitaguyod ang pagbawas at pag-recycle ng basura, mayroon pong subsidy system.

1. Resource Garbage Collection Incentive System

Maaaring kolektahin ang mga papel, bote, lata, etc sa mga voluntary activities ng mga grupo tulad ng town council, old age association, nurturing association, etc. Dalhin ang mga nakolektang basura sa resource collectors. Makakatanggap ng pera o reward ang grupo mula sa pagkolekta at pagrecycle ng basura.

Reward Amount = Weight charge (recovered weight x 3 yen per kilo) + number of times (2,000円 /times, ang limit ay 12 times a year)

※Upang makakuha ng reward, kailangan pong i-register ang grupo sa Mikamo Clean Center.

※Pagkatapos mai-register, kailangan pong gumawa ng report tungkol sa voluntary activities ng pagkolekta ng basura. Ipasa po ang report sa Mikamo Clean Center, o sa citizen center, o sa administration center o sa Akami Office .

2. Ang Subsidy System para sa Home Garbage Disposal Equipment

Mayroon pong matatanggap na subsidy ang mga pamilyang mayroong garbage disposal equipment.

Type of equipment	Tungkol sa subsidy	
Garbage disposal machine, food waste disposer (Note 1)	One third (1/3) of the purchase price	Isang machine sa isang pamilya (limit: 30,000 円)
Garbage disposal container type (compost container, EM container, etc.)	Half of the purchase price	Dalawang container sa isang pamilya (limit: 5,000 円/bawat isa)

※ Note 1 Ang disposer na direktang ginigiling ang food waste ay wala pong subsidy.

○Ang mga sumusunod ay hindi po kasama sa pagtanggap ng subsidy:

- Ang mga accessories bukod sa chips, bokashi etc
- Discounts(kasama ang paggamit ng points) installation fee, transportation fee
- For business use (halimbawa, restaurant etc)
- Nakatanggap ng subsidy sa loob ng limang taon
- Hindi nagbayad ng tax.

○Ang application ay gawin sa loob ng isang taon matapos bumili ng garbage disposal equipment.

Dalhin ang proof of purchase(nakalagay ang pangalan, equipment, ilan, at presyo) , hanko, bank passbook sa Mikamo Clean Center, o sa citizen center, o sa administration center o sa Akami Office .

FAQ

Kapag nakakita ng patay na aso, pusa etc. sa kalsada

Mangyaring tumawag sa **Mikamo Clean Center ☎23-8153**.
Ipaalam ang partikular na lugar kung saan ito nakita.

Kung gustong itapon ang patay na alagang hayop

Mikamo Clean Center ☎23-8153 Kuzu Clean Center ☎86-4351
Ilagay sa kahon ang patay na alagang hayop at dalhin sa Mikamo Clean Center o sa Kuzu Clean Center (Ang buto ng alagang hayop ay hindi po ibabalik)

Kung gustong itapon ang basurang resulta ng sunog

Makipag-ugnayan at tiyaking kumunsulta nang maaga sa **Mikamo Clean Center ☎23-8153 o sa Kuzu Clean Center ☎86-4351**
Sasabihin po nila kung ano ang pwede at hindi pwedeng dalhin sa clean center.

Ano po ang gagawin kapag nakakita ng illegal dumping

Mangyaring ipaalam sa **Mikamo Clean Center ☎23-8153 o sa Sano Police Station☎24-0110**
※ Sabihin po ang plate number ng sasakyan, oras, lugar, at kung ano ang tinapon.
※ Ang penalty ng illegal dumping (Ayon sa batas na waste disposal and public cleaning act)
Kung sino man ang nag-illegal dumping ay makukulong ng limang (5) taon pababa o magbabayad ng 10 milyon yen
(Posible rin makulong at magbayad bilang penalty, may penalty din po kahit hindi tinuloy ang paggawa ng illegal dumping.
(Ang penalty pag kompanya ang nag-illegal dumping ay hindi lalampas ng 300 milyon yen)

Ano po ang gagawin pag nakakita ng pagnanakaw ng recycle na basura

Mangyaring ipaalam sa **Mikamo Clean Center ☎23-8153** .
Sabihin po ang kung saang garbage station, oras, plate number ng sasakyan, at kung ano ang kinuha.



Kung nais malaman ang tungkol sa mga basurang galing sa business

Name	Address	Telephone Number	Remarks
Kouekishadanhoujin Tochigi ken Sangyoushigen junkankyokai	Utsunomiya shi Sakura 4chome 2ban 2go (Tochigi kenritsu bijutsukan fukyuubunkan3F)	028-612-8016	Specific Company list